



**“Paano... Kung May Masamang Mangyari?”  
Mapanganib na Pagtatrabahong Bata sa Maliliit na Minahang  
Ginto sa Pilipinas”**

Isang malalim na minahan sa Malaya,  
Camarines Norte. © 2014 Mark Z. Saludes  
para sa Human Rights Watch



## Pagbubuod

“Yung unang beses na pumasok ako, katorse anyos ako. Natakot ako. Iniisip ko kung ano’ng mangyayari sa akin kung may mangyaring masama.”

—Jacob, 17, Malaya, Camarines Norte, June 2015

Libo-libong mga bata sa Pilipinas ang inilalagay ang sarili sa panganib araw-araw sa pagmimina ng ginto. Nagtatrabaho sila mga hukay na hindi ligtas, 25 metro ang lalim, at anumang oras ay maaaring gumuho. Nagmimina sila ng ginto sa ilalim ng tubig, sa tabing-dagat, o sa mga ilog, gamit ang tubo ng oxygen na nasa kanilang bibig. Pinoproseso nila ang ginto gamit ang asoge (mercury), isang nakalalasang metal, na maaaring magdulot ng walang-lunas na pinsala sa kanilang kalusugan bunga ng pagkalason dito.

Sa isang imbestigasyon sa mga probinsya ng Camarines Norte at Masbate sa rehiyon ng Bicol, kinapanayam ng Human Rights Watch ang 65 batang minero tungkol sa trabaho nila sa maliitan at artisanong pagmimina ng ginto.

Ikinwento ng mga bata kung paano sila natatakot kapag bumaba sila ng tungtungang-hagdan o lumulusong sa mga hukay. Iniinda nila ang mga epekto ng gayong trabaho sa kanilang kalusugan, gaya ng pananakit ng likod, impeksyon sa balat, at pananakit ng tiyan na siyang mga sintomas ng pagkalason sa asoge. Nakapanayam din ng Human Rights Watch ang mga saksi sa isang aksidente sa pagmimina, kung saan isang 17-taong gulang na batang lalaki at kanyang nakatatandang kapatid na lalaki ay namatay sa asphyxia o pagkasakal sa isang malalim na hukay noong Setyembre 2014.

Hindi sapat ang nagagawa ng gubyerno ng Pilipinas upang protektahan ang mga bata sa panganib ng pagtatrabaho sa maliitang pagmimina ng ginto. Sa kabila ng ratipikasyon nito sa mga tratado at pagpapasa ng batas upang labanan ang mga pinakamalalalang porma ng pagtatrabahong-bata (child labor), sa kalakhan ay bigo ang gubyerno sa pagpapatupad ng mga ito: halos walang pagbabantay sa paglahok ng bata sa pagmimina at hindi





Ang batang ito at ang kanyang ama ay nagpapala ng buhanging may ginto sa Bosigon River, sa Malaya, Camarines Norte. © 2014 Mark Z. Saludes para sa Human Rights Watch

napaparusahan ang mga nagpapatrabaho o kaya'y inaalís ang mga bata sa mga ganitong mapanganib na kondisyon ng paggawa.

Habang nakagawa na ang gubyerno ng mahahalagang hakbang para tiyakin ang edukasyon para sa lahat, nakababahala pa rin ang bilang ng mga batang hindi nag-aaral dahil sa nagtatrabaho sa minahan ng ginto. Ang mga pang-minahan at pangkalikasang regulasyon para sa maliitang-pagmimina -- kabilang ang pagtigil ng paggamit ng asoge at pagmimina sa ilalim ng tubig (compressor mining) -- ay hindi naipapatupad, sa kabila ng



Si 'Peter,' 11, ay nagtatrabaho sa isang minahan sa ilalim ng tubig ng Santa Milagrosa, Jose Panganiban. © 2014 Mark Z. Saludes para sa Human Rights Watch

pangako ng gubyrno na bawasan ang asoge at gawing kapakipakinabang ang pagmimina para sa mga tao.

Dagdag pa, kahit napirmahan na ng Pilipinas ang Kumbensyong Minamata Hinggil sa Asoge ng 2013 (2013 Minamata Convention on Mercury), hindi pa rin nito niraratipika ang tratado.



Ang mamang minero na 'to ay naghahanda para lumusong sa minahan ng Santa Milagrosa, Jose Panganiban. © 2014 Mark Z. Saludes para sa Human Rights Watch



Hindi lang sa kakapusan ng tauhan at teknikal na kapasidad nakikita ang kakulangan ng kongkretong aksyon ng gubyrerno, kundi maging sa kawalan ng pampulitikang kapasyahan ng mga pambansa at lokal na upisyal na gumawa ng hakbang na maaaring hindi magiging



Hinahalo ang asoge sa buhanging may ginto. © 2014 Mark Z. Saludes para sa Human Rights Watch

katanggap-tanggap sa mga tao sa mahihirap na lugar, o sa mga may-ari ng minahan at mga komersyanteng umaasa sa pagtatrabahong-bata.

Kinakailangang pahasayin ng guberno ang pagsubaybay nito sa pagtatrabahong-bata at mga sistema ng proteksyon sa bata, at gumawa pa nang higit upang abutin ang mga batang hindi na nakakapag-aral. Dapat nitong tiyakin na ang programa nito para tugunan ang malalang epekto ng kahirapan, gaya ng libreng pagkain sa iskwela at programa para



Ang mga batang ito ay nagkakabud ng ginto sa ilog ng Bosigon, Malaya, Camarines Norte. © 2014 Mark Z. Saludes para sa Human Rights Watch



sa serbisyong panlipunan, ay umaabot sa mga pamilya sa mga pook-minahan, na madalas ay nakadepende sa pagtatrabaho ng bata para makaraos.

Kaugnay sa pagmimina, dapat suportahan ng guberno ang pagbuo ng sektor sa maliitang pagmimina ng ginto na ligal, kontrolado at walang pagtatrabahong-bata, na nakatutulong sa pag-unlad ng mga pamilya sa kanayunan. Dapat nitong ratipikahan at ipatupad ang Kumbensyong Minamata, partikular ang pagpapakilala ng pamamaraan sa pagpoproseso na hindi gumagamit ng asoge at pagsasagawa ng mga natatanging hakbang upang proteksyunan ang mga bata mula sa asoge.





Mga batang tumatawid sa maruming ilog ng Malaya, Camarines Norte. © 2014 Mark Z. Saludes para sa Human Rights Watch

Ang iba pa ay dapat ding kumilos upang wakasan ang pagtatrabahong-bata sa sektor na ito. Ang punong bangko ng bansa, ang Bangko Sentral ng Pilipinas, ay bumibili ng ginto mula sa mga lokal na komersyante at ineksport ito, pero wala namang nakatakdang proseso upang suriin ang pamamaraan kung paano namina ang mga ginto. Dapat magpatupad ang Bangko Sentral, pati ang mga internasyunal na kumpanya sa kalakalan at pagpipino ng ginto, ng mga epektibong hakbang upang matukoy ang pinanggalingang minahan ng mga ginto, obligahin ang kanilang mga suplayer na kumuha lamang ng gintong hindi ginamitan ng pagtatrabahong-bata, at magbantay kung may pagtatrabaho ng bata.

# Mga Rekomendasyon

## Sa Gubyerno ng Pilipinas

- Gumawa ng estratehiya sa pagtugon sa isyu ng pagtatrabahong-bata sa minahan at ilahad ito sa isang bagong programa na papalit sa Programa ng Pilipinas Laban sa Pagtatrabahong-Bata (Philippines Program Against Child Labor). Kabahagi ng programang ito :
  - Magsiyasat at magbantay hinggil pagtatrabahong-bata sa mga maliitang minahan ng ginto at italaga ang mga *laborat mining inspectors* malapit sa mga pook-minahan, kasama ng pagbibigay sa kanila ng mandato at rekurso para magsagawa ng regular na inspeksyon;
  - Damihan ang mga *social workers* na sapat ang kakayahan upang gabayan at umagapay sa mga bata sa proseso ng kanilang pag-alis sa pagtatrabaho;
  - Atasan ang Kagawaran sa Kapaligiran at Mga Likas Yaman (*Department of Environment and Natural Resources*) upang maging bahagi ng Pambansang Komite sa Pagtatrabahong-Bata (*National Child Labor Committee*) at tuwirang maging kalahok sa pagtugon sa isyu ng pagtatrabahong-bata.
  - Paunlarin ang akses sa edukasyon ng mga batang nagtatrabaho sa maliitang pagmimina ng ginto, kabilang ang pagsubaybay sa mga estudyanteng madalas lumiban sa klase o yaong tumigil na sa pagpasok sa iskwela, at pagsasagawa ng mga programa para ang mga ito'y maibalik sa paaralan, at paggamit ng mga hakbang sa panlipunang proteksyon upang alalayan ang mga bulnerableng bata sa mga pook-minahan;
  - Magbigay ng oportunidad sa *part-time* na empleyo para sa mga kabataang edad 15 hanggang 17, na hindi nakakasagabal sa takdang pag-iiskwela ng mga kabataang ito.
- Balangkasin ang isang kumprehensibong istratehiya para sa responsable at ligtas na sektor ng maliitang pagmimina. Kabahagi ng stratehiyang ito :
  - Ipatupad ang March 2015 *administrative order* na nagpapatigil sa paggamit ng asoge at *compressor mining*;



- Ipatupad ang Pambansang Estratehikong Plano para sa Pag-alis ng Mercury sa Artisanano at Maliitang Pagmimina ng Ginto (*National Strategic Plan for the Phase-Out of Mercury in Artisanal and Small-Scale Gold Mining*), kabilang ang pagbubunsod ng pamamaraan sa pagpoproseso ng ginto na hindi gumagamit ng asoge at ang pagpapatigil ng paggamit ng asoge ng mga bata;
- Ratipikahan ang Kumbensyong Minamata Hinggil sa Asoge at ipatupad ang mga probisyon nito;
- Magsagawa ng *biomonitoring* sa mga lugar ng maliitang pagmimina upang masuri ang antas ng pagkakalantad sa asoge ng mga lokal na komunidad at pagbibigay ng lunas sa mga nangangailangan;
- Paunlarin ang akses sa serbisyong pangkalusugan ng mga batang nagtatrabaho sa minahan para sa mga kondisyong may kinalaman sa pagmimina, kabilang ang pagkakalantad sa asoge.
- Atasan ang Bangko Sentral ng Pilipinas, ang punong bangko ng bansa, upang magkaroon ng mga pamamaraan na puspusing tumitingin sa pagtatrabahong-bata at iba pang peligro sa karapatang pantao sa kalakalan ng ginto, kabilang ang pagkakaroon ng patakaran sa karapatang pantao (*human rights policy*), pangkabuuang dokumentasyon ng *chain-of-custody*, regular na pagbabantay at inspeksyon, kontrata sa mga suplayer na nagbabawal ng pagtatrabahong-bata, pagsubaybay ng isang kwalipikadong *third-party* hinggil sa pagtatrabahong-bata, at pampublikong pag-uulat.

## Sa mga Nagbibigay ng Donasyon at mga Ahensyang UN

- Bigyang suporta ang guberno ng Pilipinas upang maipatupad ang mga naturang rekomendasyon, partikular sa larangan ng:
  - pagbabantay sa pagtatrabahong-bata (*child labor monitoring*) at suporta sa transisyon paalis sa pagtatrabaho ng bata;
  - pagtulong sa mga batang hindi nag-aaral;
  - angkop na empleyo para sa mga kabataan;
  - *biomonitoring* ng asoge sa mga bata sa mga pook-minahan at;

- pagpapakilala ng pamamaraan sa pagpoproseso ng ginto na hindi gumagamit ng asoge.

## Sa mga Internasyunal na Mangangalakal at Nagpipino ng Ginto

- Magkaroon ng mga pamamaraan na puspusang tumitingin sa pagtatrabahong-bata at iba pang peligro sa karapatang pantao sa kalakalan ng ginto, kabilang ang pagkakaroon ng patakaran sa karapatang pantao (*human rights policy*), pangkabuuang dokumentasyon ng *chain-of-custody*, regular na pagbabantay at inspeksyon, kontrata sa mga suplayer na nagbabawal ng pagtatrabahong-bata, pagsubaybay ng isang kwalipikadong *third-party* hinggil sa pagtatrabahong-bata, at pampublikong pag-uulat.